



((address_line_1))
((address_line_2))
((address_line_3))
((address_line_4))
((address_line_5))
((address_line_6))
((address_line_7))

Petsa: ((date))

Numero sa NHS: ((nhsNumber))

Ang pag-book ng bakuna ng NHS laban sa COVID-19 ngayong tagsibol

Minamahal ((fullName)),

Maaari kang mag-book ng libreng bakuna ng NHS laban sa COVID-19 ngayong tagsibol. Ito ay dahil ang iyong record sa NHS ay nagmumungkahi na ikaw ay **maaaring** may mahinang immune system. Kailangan naming kumpirmahin ito bago mo makuha ang pagbabakuna.

Paano makakuha ng appointment

- Mag-book sa **NHS App** o online sa **www.nhs.uk/book-covid**
- Hanapin ang iyong pinakamalapit na walk-in site para sa pagbabakuna laban sa COVID-19 sa **www.nhs.uk/covid-walk-in**.

Dapat kang mag-book bago sumapit ang **ika-17 ng Hunyo 2025**. Ito ay ang huling araw para makapagpabakuna.

Kung kailangan mo ng suporta

Kung hindi ka makapag-online, tumawag sa **119**. May available na mga tagasalang-wika. Maaari ka ring gumamit ng text phone **18001 119** o ng NHS British Sign Language na serbisyo sa **www.signvideo.co.uk/nhs119**

Kung nakakatanggap ka ng pangangalaga sa bahay, makipag-ugnayan sa iyong GP surgery para sa **pagbisita sa bahay**. Kung hindi nila maisaayos ito, maghanap ng

iyong mga lokal na kontak sa pagbabakuna laban sa COVID-19 sa www.england.nhs.uk/covid-vaccination-contacts.

May iba pang mga format ng imbitasyong ito. Para sa easy read, audio, BSL at mga pagsasaling-wika, pumunta sa www.england.nhs.uk/seasonal-invites.

Bakit nag-aalok ang NHS ng bakuna laban sa COVID-19 ngayong tagsibol

Nangyayari ang mga impeksyon sa COVID-19 buong taon at mahirap itong iwasan. Mahalagang dagdagan mo ang iyong proteksyon dahil nababawasan ito paglipas ng panahon at maaaring magbago ang mga variant.

Ang mga taong may mahinang immune system ay nasa mas mataas na panganib na magkasakit nang malubha mula sa COVID-19. Ang pagpapabakuna laban sa COVID-19 ngayong tagsibol ay makakabawas ng iyong panganib na magkaroon ng malubhang mga sintomas. Mag-book online sa www.nhs.uk/covidvaccination.

Tingnan kung mahina ang iyong immune system

Maaaring may mahinang immune system ka kung ikaw ay:

- mayroon o nagkaroon dati ng kanser sa dugo (leukaemia, lymphoma o myeloma)
- sumailalim dati sa organ, bone marrow o stem cell transplant
- may HIV
- may genetic disorder na nakakaapekto sa iyong immune system
- sumasailalim o kamakailang sumailalim sa chemotherapy, biological therapy o radiotherapy
- umiinom ng mga steroid na gamot, depende sa iyong dosis
- sumasailalim sa immunosuppressive treatment.

Ang listahang ito ay isang buod at hindi nasasaklaw lahat. Makipag-usap sa iyong parmasyutiko, GP surgery o espesyalista kung hindi ka sigurado.

Taos-puso,

Team sa Pagbabakuna ng NHS England

Proteksyon sa Data: Responsable ang NHS England para sa pagpoproseso ng iyong personal na data para sa mga layunin ng mga pambansang programa sa pagbabakuna. Para malaman ang higit pa, maaari mong mabasa ang aming abiso sa pagkapribado sa: www.england.nhs.uk/contact-us/privacy-notice. Kung may tanong ka tungkol sa imbitasyong ito, pumunta sa www.england.nhs.uk/invite-enquiry. Para mag-opt out: www.nhs.uk/covid-invite-preferences.